IV

MATAPANG SI HEN. LUNA, NGUNI'T MAGAGALITIN

Kung katapangan ang pag-uusapan, si heneral Luna ay isa sa lalong pinaka-matapang na heneral nang nagdaan nating himagsikan.

Tungkol din kay heneral Luna ay mababanggit ko rito ngayon ang ilang bagay na naipagtapat sa akin ng nasirang Dr. Trinidad H. Pardo de Tavera, nang minsang dumalaw ako isang araw sa kanilang tahanan sa Santamesa.

"Si hen. Luna—ang wika sa akin ng matalinong doktor—ay talagang matapang. Ito'y hindi na pagtatalunan. Nguni't sa kasawiang palad, ang katapangan niya ay hindi nauukol sa isang pinunong hukbo. Totoo siyang magagalitin at hindi marunong tumanggap ng anumang biro. Pati sa babae ay nakikipagkagalit, gaya ng magalit siya kay Pepita Leyva. Ang mga kapatid man niya ay hindi pinagpapakundangan, maliban sa pintor na siya niyang kinaaalang-alangan. Sinasabing sa mga manunulat sa LA INDEPENDENCIA ay marami rin siyang nakasamaan ng loob. Sa Espanya ay gayon din at minsan ay hinamon pa niya ng barilan si Rizal at kaya lamang hindi natuloy ay nakarating sa pintor na siyang namagitan at pumayapa. Dito man noong nakaraang himagsikan ay marami rin siyang nakagalit na mga pinunong hukbo at pinunong pamahalaan. Kung hindi sa pagkakaalit nila ni heneral Mascardo ay hindi sana natalo agad ang mga pilipino sa mga amerikano sa labanan sa Bagbag. Kung nagagalit si heneral Luna ay walang tanging nakasisira sa kanyang loob at nakapagpapahupa ng kanyang galit kundi ang kanyang ina na labis niyang minamahal at pinagpipitaganan."

Kalabisan nang banggitin dito ang pakikipagkagalit niya sa isang kagawad nǧ gabinete ni Aguinaldo na tinangkang umugin, matapos pagbuhatan nǧ kamay. Si Paterno ay isa sa mataas na kagawad nǧ gabinete ni Aguinaldo na kanya ring ipinadadakip, sa hangad marahil na lapatan nǧ mabigat na parusa. At hindi mabilang na pinuno nǧ kanyang hukbo ang napagbuhatan nǧ kamay dahil lamang sa maliliit na kasalanan.

Noong buwan nǧ Mayo nǧ 1899, ayon sa isang kasulatang hindi pa nahahayag na kinakaharap ko ngayon, ay ipinag-utos niya ang pagpapadakip kay G. Felipe Buencamino na noo'y isa sa may mataas na tungkulin sa pamahalaan ni Aguinaldo. Hindi sinasabi kung ano ang sanhi nǧ pagpapadakip at kung ano ang kanyang gagawin kung maiharap na sa kanya. Ang nilalaman nǧ kasulatan ay sisipiin ko rito:

SECRETARIA DE GUERRA DEL GOBIERNO FILIPINO
(Membrete impreso)

Quedan autorizados respectivamente los Señores Quintin Bravo y Ceferino Santos, Capitan y 1er. Teniente respectivamente para que puedan recoger la persona del Señor Felipe Buencamino donde le encuentren y conducirlo a esta plaza. Bayambang 25 Mayo, 1899.

El Srio. de Guerra

(Fdo.) A. LUNA

Narito ang salin sa tagalog:

KALIHIMAN NǦ DIGMA NǦ PAMAHALAANG PILIPINO
(Membreteng limbag)

Isa't isang binibigyan nǧ kapahintulutan sina Ginoong Quintin Bravo at Ceferino Santos, Kapitan at Unang Tenyente, upang mangyaring kunin ang katauhan ni Ginoong Felipe Buencamino saan man siya nila matagpuan at ihatid sa Himpilang ito. Bayambang 25 nǧ Mayo nǧ 1899.

Ang Kalihim-Digma

(Lgda.) A. LUNA

Isa sa mahalagang bagay na naipagtapat sa akin ni Dr. Pardo de Tavera ay ang pagiging tunay na tagalog ni hen. Luna. Katunayan umano ay dito siya ipinanganak sa Maynila, sa purok ng Binundok. Nguni't nagkunuwang ilokano dahil sa katusuhan, ang sabi pa ng matalinong doktor.

Nalalaman umano ni hen. Luna na ang mga tagalog ay natitipon sa ilalim ng buong kapangyarihan ni Aguinaldo, ang mga kapampangan naman ay kay hen. Maximino Hizon, kaya't ang ginawa'y lumikha ng rehiyonalismo o paghahatihati at nagkunuwang tunay na ilokano upang makamtan niya ang tulong at lakas ng mga ilokano. Ang hangad ay magkaroon ng isang matatag na hukbong maihaharap sa mga kampon ni Aguinaldo upang maagaw umano rito ang mataas na kapangyarihan sa pamumuno sa pamahalaan ng himagsikan.

Natunugan naman ito ng mga kabig ni heneral Aguinaldo at dahil sa noo'y talagang marami na ang kagalit niya kaya't natapos ang kanyag matataas na hangarin nang siya'y mapatay ng mga kawal na taga Kabite, sa Kabanatuan, Nuweba Esiha, noong ika-5 ng Hunyo ng 1899.

Sa isang dako, ang katapangan ni hen. Luna ay hinahangaan ng pamunuan ng hukbong amerikano at hanggang sa mga ulat ng Kagawarang-Digma sa Estados Unidos ay nababanggit ang kanyang magiting na kabayanihan at walang kaparis na katapangan.